

Maikling Impormasyon sa Halalan ng Pambatasang Konseho 2016

Petsa at Oras ng Pagboto

- 4 Setyembre 2016 (Linggo)
- 7:30 a.m. - 10:30 p.m.

Panahon ng Nominasyon

- 16 – 29 Hulyo 2016

Mga Form sa Nominasyon

- Ang mga form sa nominasyon ay makukuha sa mga Tanggapang Pandistrito at ng Tanggapan ng Pagrehehistro at Halalan (“REO”) sa 10/F, Harbour Centre, 25 Harbour Road, Wan Chai. Maaari rin itong idiskarga mula sa website ng REO (www.reo.gov.hk).

Pagboto

- Ang bawat rehistradong manghahalal ay maaaring magbigay ng 1 boto para sa isang heograpikal na konstityuwensya (“GC”) at 1 boto para sa isang gumaganang konstityuwensya (“FC”).
- Bawat manghahalal o awtorisadong kinatawan (“AR”) ay itatalaga sa isang nakatakdang istasyon ng botohan.
- Isang kard sa pagboto na nagpapakita ng nakatalagang istasyon ng botohan ang ibibigay sa bawat manghahalal o mga AR ng hindi bababa sa 10 araw bago dumating ang araw ng botohan.
- Kung ang istasyon ng botohan na itinalaga sa isang manghahalal o AR ay maaaring magamit ng mga taong nakasilyang de-gulong o may kahirapan sa pagkilos ay itutukoy sa mapa na kalakip ng kard sa pagboto. Kung ang mga manghahalal o mga AR na may kahirapan sa pagkilos ay natuklasan na ang nakatalagang istasyon ng botohan ay hindi madaling puntahan ay maaaring mag-apply sa REO para bumoto sa isang nakatalagang istasyon ng botohan na nararating ng mga nakasilyang de-gulong sa pamamagitan ng fax (2891 1180), sa email (reoenq@reo.gov.hk) o sa telepono (2891 1001) na hindi lalampas ng 30 Agosto 2016.

- Kung ang manghahalal o mga AR ay mangangailangan ng tulong sa pagsasalin ng impormasyon ng pagboto, maaari silang tumawag sa Sentro Para sa Etniko Minorya (“CHEER”) sa pamamagitan ng mga sumusunod na hotline simula 22 Agosto 2016.

Wika	Numero ng Hotline
Bahasa Indonesia	3755 6811
Tagalog	
Thai	
Hindi	3755 6822
Nepali	
Urdu	3755 6833
Punjabi	

Paano Bumoto?

- Dalhin ang inyong Hong Kong Identity Card sa istasyon ng botohan at ipakita sa kawani.
- Ikaw ay bibigyan ng (mga) balota depende sa iyong pagkamarapat, at isang cardboard na may kasamang pantatak na may "✓" (kudlit). Ang GC at ang FC ng Konsehong Pandistrito (pangalawa) na mga balota ay itiniklop ng mga kawani. May itim na panulat ring ibibigay sa isang manghahalal or AR ng apat na natatanging mga FC (hal. FC ng Heung Yee Kuk, FC ng Agrikultura at Pangingisda, FC ng Insurance at FC ng Transportasyon).
- Markahan ang iyong (mga) balota sa loob ng isang silid sa pagboto.
- Lahat ng mga manghahalal o AR (maliban sa mga manghahalal o AR ng apat na natatanging mga FC) ay dapat gamitin ang pantatak na nakalakip sa cardboard upang magtatak ng "✓" (kudlit) sa bilog sa tapat ng listahan ng (mga) kandidato o pangalan ng kandidatong iyong napili.
- Para sa mga manghahalal o AR ng apat na natatanging mga FC, mangyaring gamitin ang itim na panulat na ibinigay sa iyo para magmarka ng numerong bilang “1” sa bilog tapat ng pangalan ng unang gustong kandidato

at ng numerong bilang “2” tapat ng pangalan ng iyong pangalawang gustong kandidato, at iba pa. Kailangan mong magmarka ng unang gusto sa isang kandidato lamang.

- Kung ikaw ay magkamali ng pagmarka sa isang balota o hindi sinasadyang masira ang balota, maaari mong isauli ang balota sa Punong Opisyal at humingi ng kapalit.
- Pagkatapos markahan ang balota.
 - (a) Dapat itiklop ng isang beses ng GC na manghahalal ang balota batay sa pagtitiklop ng kawani ng botohan ng sa gayon ang markadong bahagi ay nasa loob upang makubli ang "✓" (kudlit) bago ilagay ito sa **asul** na kahon ng balota;
 - (b) ang isang manghahalal sa FC ng Konsehong Pandistrito (pangalawa) ay dapat parehas na isang beses itiklop ang balota at pagkatapos ay ilagay ito sa **puting** kahon ng balota; at
 - (c) ang isang manghahalal o AR ng ibang mga FC ay hindi dapat tiklupin ang balota. Mangyaring ipasok ito na nakababa ang harap sa **pulang** kahon ng balota.

Malinis na Halalan

Ayon sa Ordinansa (Tiwali at Ilegal na Gawain) sa Halalan (Cap. 554) na ipinapatupad ng Malayang Komisyon Laban sa Katiwalian, ang manghahalal ay **HINDI DAPAT**:

- humihingi o tumatanggap ng anumang kapakinabangan (kabilang ang pera, regalo, atbp.), pagkain, inumin o libangan mula sa sinumang tao para huwag bumoto sa halalan, o pagboto o hindi pagboto sa isang partikular kandidato o partikular na mga kandidato;
- gumamit o magbanta na gumamit ng dahas o pananakot para impluwensiyahan ang desisyon ng sinumang bumoto;
- bumoto sa isang halalan na alam na siya ay walang karapatan na gawin ito; o pagkatapos ng pagkakaroon ng sadya o walang pakundangan na pagbibigay ng mali o marayang impormasyon (hal. maling address ng tirahan) sa isang opisyal ng halalan.